**Pahayag ng Mga Obispo ng Arkidiyosesis ng Seattle Laban sa Pagkapoot sa Kapwa**

Marso 22, 2020 – Mabigat sa aming kalooban na magsagawa kami ng aming pahayag kaugnay sa mga nagdaang mga karahasan at pagkamuhi sa ating mga kapatid na Asyanong Amerikano. Ang mga nakaraang pag-atakeng ito, na nangyari sa ating buong bansa at sa ating sariling Arkiyodesesis, ay pagpapatunay na may makabagong paraan ng pagkamuhi sa kapwa na kailangan wakasan sa lalong madaling panahon.

Ang pananakit laban sa ating mga kapatid na Asyanong Amerikano ay pananakit din sa ating lahat. Bilang isang bahagi ng Katawan ni Cristo, nadarama din namin ang sakit, takot, galit at pakabahala na kasalukuyang dinaranas ng ating mga kapatid na Asyanong Amerikano . Sa karanasan ng rasismo, karahasan at ang panunupil, ang mga takot na ito ng komunidad ay makatotohanan at hindi maaaring balewalain.

Sa Ngayon, ang mga Asyanong Amerikano at mga taga isla ng Asyang Pasipiko ay nagbibigay buhay sa Hilagang Kanluran at sa Iglesia Katolika ng Arkiyodiosesis ng Seattle. Ang mga kapatid na ito ay may mahabang kasaysayan dito sa ating rehiyon, mula pa noong 1800. Pinagyaman nila ang buhay ng Hilagang Kanluran, at ibinahagi ang kanilang mga tradisyon at kultura sa ating mga parokya at ating mga komunidad. Lubos kaming nagpapasalamat sa kanilang presensya at sa biyaya ng pagkakaiba-iba sa ating komunidad.

Bilang nagkakaisang magkakapatid na nilikha sa larawan at kawangis ng Diyos, isinasamba natin ang lahat na igalang ang isa't isa, at igalang ang dangal ng bawat tao. Sabi ni Jesus, "Binibigyan kita ng bagong kautusan: mahalin ang isa't isa. Kung paanong iniibig ko kayo, ay ibigin din ninyo ang isa't isa" (Juan 13:34).

Bawat isa sa atin ay maaring makagawa ng mga pasiyang magpapakita kung paano tayo magkakasamang naninindigan sa pagmamahal at pagkakaisa laban sa rasismo gawa ng pagkapoot. Sa pamamagitan ng binyag, tinawag tayo upang maghatid ng higit na pagmamahal at pang-unawa sa ating mundo. Ito ay nagsisimula sa ating pamilya, kapitbahay, parokya at malawakang komunidad. Patuloy tayong manalangin para sa kaligtasan, pagpapagaling at kalakasan ng ating mga kapatid na Asyanong Amerikano habang tayo ay nakikiisa sa kanila at patuloy na matugunan ang mga kasamaan ng rasismo.